NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Mayo 13, 2019



**NOBELA**
## KUNG DUMATING ANG PAG-IBIG
Ni EFREN ABUEG

**BAGONG MANUNULAT**
## PAGBABALIK
Ni ARON RAMOS NUNAG

**TULA**
## HUWAG MO SILANG TANUNGIN
Ni RONNEL V. TALUSAN

# YAM CONCEPCION

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771656 698142
ISSN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
Telefax (02) 435-1882 / 536-5728
CP# 09052849354

...pang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


NOBELA

6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (30)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(7)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (22)**
*Armando T. Javier*

KUWENTO

4 **Tadhana Ng Unang Pag-ibig (2)**
*Evelyn L. Estrella-Sebastian*

14 **Pagbabalik**
*Aron Ramos Nunag*

LATHALAIN

16 **Ano Nga Ba Ang...**
*Fernando B. Sanchez*

18 **Mother's Day: Walang Regalong Makatutumbas...**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

25 **Isang Eksperimento Sa...**
*E.S.Godin*

KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (34)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (55)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival*

31 **Mayang Magiliw**
*Edgar S. Godin / Alfred C. Manuel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

TULA

40 **Huwag Mo Silang Tanungin**
*Ronnel V. Talusan*

KOLUM

19 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

20 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

22 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

24 **Agrikultura**
*Zac B. Sarian*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

SHOWBIZ

26 **Jericho Rosales At Yam Concepcion, Tumatak Sa Seryeng halik**
*Maricris V. Nicasio*

27 **Ianna Dela Torre, Aarangkada Na Bilang star Music artist**
*Nonie V. Nicasio*

LIBANGAN


37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*







# TADHANA NG UNANG PAG-IBIG

Ni EVELYN L. ESTRELLA-SEBASTIAN



Nakangiting tinitigan niya si Loida. "Nakakatuwa ka, Loida. Magiging magkaibigan tayo."

"Sige, tuloy ko kuwento ko," wika nito at naisip niyang she is purging herself of the memory.

**(IKALAWANG BAHAGI)**

**KILALANG** doktor ang kanyang ama sa kanilang bayan, kaya bilang panganay na anak at nag-iisang lalaki, pangarap ng kanyang mga magulang na medisina rin ang kukunin niyang kurso sa kolehiyo. Na ayaw niya. "Bakit?" tanong ng kanyang Nanay. Ang kanyang ina naman na kumuha rin ng medisina ngunit di nakatapos ay mula sa mayamang angkan at nag-aari ng mga bukirin dito.

Umiling siya, hindi sumagot. "Manoling, bakit?" ang kanyang tatay naman ang nagtanong. Pinuntahan siya sa kanyang silid ng mga ito.

Ano ba ang kanyang isasagot kung siya mismo ay hindi nakakaalam ng dahilan. Basta ayaw niya. Nasa *high school* siya noon sa isang pribadong eskuwelahan sa kanilang bayan.

"Ano?" ulit pang magkasabay ng kanyang mga magulang. Wala siyang maisip nang mabaling ang kanyang mga mata sa durungawan niyang nakaharap sa katabi nilang bakuran. Namataan niya si Misis Guzman, isang guro sa publikong eskuwelahan sa baryo. Tumingin siya sa kanyang nanay, sunod ay sa kanyang tatay. "Gusto kong maging *teacher*!"

"Teacher!" sabay pang bulalas ng mag-asawa.


Napatingin ang kanyang Nanay sa kabilang bakuran. "Pareho ni Anita? Teacher?"

Hindi siya kumibo. Anita pala ang pangalan ni Misis Guzman.

"Ano'ng mangyayari sa buhay mo sa pagiging *teacher*?" tanong pa nito.

Mahinahon nang sumabad ang kanyang tatay. "Walang masama sa *teacher*. Pero sayang naman itong *practice* ko sa ating bayan. Marami na akong pasyenteng pamilya na mamanahin mo. At umaasa na sa pagtanda ko, may papalit na gamay nila."

Umiling ang kanyang Nanay. "Wala ngang masama sa *teacher*. Sa palagay ko'y may kursunada lamang itong si




# Kung Dumating Ang Pag-Ibig

Ni EFREN ABUEG

(IKA-30 NA LABAS)

"SI Aling Luming!" narinig ni Joyce na sambit ng kaniyang Mommy Lora.

Tagapangalaga si Aling Luming ng matandang bahay na pinagdalhan sa kaniya ni Mr. Ponce sa unang gabi ng burol ng Lolo Pio niya.

Nakita ni Joyce na sinansala si Aling Luming ng klerk ng hukuman para hindi magambala ang kasalukuyang nagsasalitang abugado ng mga kapatid ng kaniyang Lolo Pio. Ngunit saglit lamang na kinausap ito at tinulutan ng klerk na tumuloy sa silid-hukuman. Laking mangha ni Joyce nang lumapit ito sa kinauupuan nila sa halip na inaasahan niyang sa kinaroroonan ng mga kapatid ng kaniyang Lolo Pio.

"Sa atin may kailangan si Aling Luming?" narinig ni Joyce na usisa ng Mommy Lora niya kay Mrs. Baez.

Hindi naman tumitinag ang Lola Trudis niya sa pakikinig sa sinasabi ng abugado ng kabilang panig.

May inianas si Aling Luming sa Mommy Lora niya na bumaling naman kay Mrs. Baez.

"Kailangan natin ang abugado mo," sabi nito sa kasosyo sa negosyo.

Sumenyas si Mrs. Baez sa abugado nito na maliksi namang nakalapit sa kinauupuan nila. Kinausap nito si Aling Luming habang patuloy na nagsasalita ang abugado ng kabilang panig. Binasa ng kanilang abugado ang mga papel na sulat pala na inalis na ni Aling Luming sa sobre nito.

"Ito ang huling kahilingan ng yumao…" narinig niyang sabi ng abugado kay Mrs. Baez.

Mabilis na nag-anasan ang abugado at si Mrs. Baez at ang Mommy Lora niya. Patuloy namang nakikinig ang Lola Trudis niya sa ipinaliliwanag ng abugado ng kabilang panig.


Nang matapos magsalita ang abugado ng kabilang panig, tumindig ang abugado ni Mrs. Baez at humingi sa huwes ng kalahating oras na *recess*. Tinanong ng huwes kung may

# ANO NGA BA ANG PINAKAANGKOP NA KATANGIAN NG ISANG INA?

Ni FERNANDO B. SANCHEZ

SA aklat na 1 Hari sa Lumang Tipan, mababasa ang kuwento tungkol sa dalawang inang nag-aagawan ng anak, nakatira sa iisang bahay, at dumulog kay Haring Solomon. Ang isa'y nagsabing nanganak daw silang dalawa, tatlong araw lang ang naging pagitan nila sa isa't isa, ng mga sanggol na kapuwa lalaki. Ang problema, ang kasama niyang ina na nanganak din, marahil, ang kanyang sanggol at ito'y namatay. Pero sa halip na akuin ang pangyayari, lihim niyang ipinagpalit ang patay niyang anak sa buhay na sanggol ng kapuwa niya ina na mahimbing na natutulog. Ang bangkay ng anak niya ang dinala sa tabi ng isang ina at ang sanggol na buhay ang dinala niya sa kanyang tabi. Bagay na itinanggi ng huli, na nagsabing nagsisinungaling lang ang unang ina. Nang di maawat ni Haring Solomon ang mainit na sagutan at bangayan ng dalawang ina, ipinag-utos niya sa isang kawal na kumuha ng isang tabak na agad namang tumalima.

"Para walang maagrabyado sa inyong dalawa," mabilis na turan ng hari, "hatiin na lang natin ang bata. Kalahati ang mapupunta sa iyo," at tumingin siya sa unang ina, "at ang kalahati nama'y mapupunta sa iyo," at tumingin din sa pangalawang ina.



Mula sa Google

"Tama kayo riyan, Mahal na Hari," kagyat na wika ng unang ina, na nakangisi pa. "Kung ayaw niyang ibigay sa akin ang aking anak, mas mabuti nga sigurong paghatian na lang namin para walang maagrabyado."

Napaluha ang pangalawang ina. "Kung hahatiin din lamang ang bata at mamamatay, Mahal na Haring Solomon," at humikbi pa, "ipauubaya ko na lamang sa kanya ang bata…"

Napalundag sa tuwa ang unang ina. Nagsasayaw-sayaw pa. Ngunit hindi sa kanya ibinigay ni Haring Solomon ang batang pinag-aagawan. Ibinigay iyon sa pangalawang inang gusto nang magpaubaya. Ang katwiran ng matalinong hari, sa isang tunay na inang nagmamahal sa kanyang anak, ayaw niyang mapahamak o mamatay ang kanyang anak!

Ang tunay na ina, sa paningin ni Haring Solomon, ay kabutihan lang ng anak ang iniisip at inaalagata. Ang lahat ay handa niyang isakripisyo alang-alang sa kanyang anak!

Nagpakita rin ng natatanging katangian bilang ina si Naomi, ang biyenan ni Ruth na isang Moabita, sa aklat na Ruth ng Lumang Tipan pa rin nang sila'y umuwi sa Juda, ang kanyang bayang sinilangan. Upang magkaroon ng magandang kinabukasan ang kanyang manugang na si Ruth, pinayuhan at tinuruan niya itong lumapit at magpapansin kay Boaz, ang mayamang kamag-anak ng kanilang angkan na may-ari ng malawak na bukirin.

Sa kultura at kaugalian ng mga Judio o Israelita, may tungkulin ang kamag-anak ng isang namatay na lalaki na akuin ang tungkuling naiwan ng namayapa sa asawa nito. Kamag-anak ni Boaz si Quelion na asawa ni Ruth kaya may tungkulin siya sa buhay ng balo.

Tunay ngang pinagpapala ng Diyos ang mga ulirang ina tulad ng pangalawang babaeng handang magparaya noong panahon ni Haring Solomon at si Naomi, ang balong Israelita. Wala siyang ibang hangad kundi ang kabutihan at magandang kinabukasan ni Ruth at ng magiging anak nito. Marahil, kung magiging maligaya si Ruth, magiging maligaya na rin siya!

Di pa rin namin nakakalimutan ang isang kuwentong nabasa namin tungkol sa isang inang magsisilang ng sanggol ilang taon na ang nakararaan. May sakit siya't mahina ang katawan. Dahil dito'y pinamili siya ng manggagamot na tumitingin sa kanya. Iisa lang ang puwedeng mabuhay sa kanyang panganganak. Siya o ang kanyang dinadala. Pinili niya ang kanyang anak na isisilang! Dakilang ina?


Di nga ba't isa rin iyan sa mga pinakaangkop at pinakadakilang katangian ng isang tunay at ulirang ina sa lahat ng panahon? Handang ibuwis o isakripisyo ang sariling buhay alang-alang sa kanyang minamahal na anak?

Sa araw ng mga ina, di rin naming makakaligtaan gunitain ang aming ina. Di siya pinalad na makapagtapos ng pag-aaral sa elementarya dahil sa hirap ng buhay. Ngunit siya, hindi ang aming ama, ang nagpursiging makapag-aral ako sa elementarya, sekundarya at kolehiyo. Madalas ko siyang naririnig na nagdarasal gabi-gabi at hinihingi sa Diyos na ako'y gabayan sa pag-aaral.

Marahil, sa kanya ako nagmana ng hilig ko sa pagbabasa at pagsusulat sa *Bannawag* at *Liwayway* mula sa aking pagbibinata, mahigit limang dekada na ang nakararaan. Bata pa ako'y kinukuwentuhan na ako ng mga binabasa niyang korido o iyong mga kuwento tulad ng "Hari ng mga Langgam, Florante at Laura, Pusang Baklayan, Juan Pugot, Jaime del Prado, Ibong Adarna, Bernardo Carpio, Juan Sandangkal at iba pa.

Ang ipinagtataka ko sa kanya, at ipinagpapasalamat ko na rin sa Diyos, ay ang walang sawa niyang pagkukuwento ng paulit-ulit, sa halos gabi-gabi, bago kami matulog. Aywan ko rin sa sarili ko noon, di rin ako nagsasawang makinig sa kanyang mga kuwento kahit paulit-ulit! Sa tingin ko, ang mga korido at pagkukuwento noon ng aming ina ang pumukaw sa amin upang magsulat ng tula, maikling kuwento, sanaysay at nobela, kinalaunan. Kung naging manunulat man ako, iyon ay dahil sa aming ina na batis ng inspirasyonat pagmamahal! L


## PALAISIPAN
**Ni JOSE MARIE GALLEGO**



### PAHALANG
1 Klase ng ibon
5 Umit
10 Paningin
14 Kaunti
15 Balik-tanaw
16 Turo
17 Palayaw ng lalaki
18 Hapo
19 Guhit
20 Yata : pinaikli
21 Paaralang panteknolohiya (Ingles, pantitik)
22 Simbolo ng bansa
24 Lamang
25 Pindot
26 Hinaing
30 Gisa sa Hukuman
34 Taga-bundok
35 Bulong
36 Salita
37 Putik
39 Kalye sa Makati
41 Sanib
42 Tanggalin
44 La Aunor
46 Bantay sa bahay
47 Santo
48 Pagakakamali
50 Hayan
52 Unlapi
53 Hungkag
56 Bayan sa Rizal pag inulit
57 Adelantado
60 Hit song ni Freddie Aguilar
61 Lumalabas sa piga
63 Kumpiska
64 Loko
65 Paalala
66 Isagani, palayaw
67 Abang
68 Sama
69 Kubo sa gubat

### PABABA
1 Mababang lupa
2 Muli
3 Kagustuhan sa pagkain
4 Balo ni John Lennon
5 Amahan
6 Pahayag
7 Ikli ng kapag
8 Ilabas
9 Talim
10 Mahirap
11 Isang planeta
12 Pusta
13 Uri ng lasa
21 Suweldo
23 Tigil ng pag-ulan
24 Tawag-ina
25 Samahan
26 Alsa o pintog
27 Ilista
28 Panghalip panao
29 Isang pantukoy
31 Ginawa nina Romeo at Juliet
32 Iluto sa mantika
33 Gamit sa pagligo
36 Eksperyensa
38 Isama
40 L_ Angeles
43 Abuloy
45 Handog
48 Nakalipas na gabi
49 Simbolo ng silver
51 Yapos
53 Linis ng damit
54 Sama
55 Kahoy
56 Baso
57 Batid
58 Pareño o Alajar
59 Kuwarta, slang
62 Ayos ng buhok
63 Tuyo

**Sagot sa Nakaraan:**



## MATH PUZZLE
**Ni ROSEMARIE ADAYA**

Isulat ang numero 1 hanggang 16 sa mga bakanteng kahon. Ang total ay kailangang tumugma sa sagot sa bawat hilera.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | x | | + | | - | 15 | 97 |
| ÷ | | x | | - | | ÷ | |
| 3 | + | 7 | - | | x | | 45 |
| + | | + | | ÷ | | + | |
| | + | | ÷ | 2 | x | 4 | 28 |
| x | | - | | x | | x | |
| 10 | + | | - | | x | 16 | 128 |
| 90 | | 73 | | 84 | | 112 | |

**SAGOT SA NAKARAAN**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 12 | ÷ | 2 | + | 4 | x | 10 | 100 |
| ÷ | | + | | x | | x | |
| 6 | + | 16 | - | 15 | x | 7 | 49 |
| + | | - | | + | | - | |
| 8 | + | 13 | - | 14 | x | 5 | 35 |
| x | | x | | - | | + | |
| 9 | ÷ | 3 | + | 1 | x | 11 | 44 |
| 90 | | 15 | | 73 | | | |

## MAGTAWANAN TAYO!

**SINO'NG TANGA?**

LALAKI 1: Bakit laging nasisira ang kalsada natin?

LALAKI 2: Dahil me dumadaan ditong sasakyan na bakal ang gulong.

LALAKI 1: Kung gano'n, maglagay tayo ng pako para mapako ang gulong.

LALAKI 2: Tama! Magaling ang naisip mo.

Nang dumaan ang sasakyan na bakal ang gulong.

DRAYBER: He-he. Tanga din ang naglagay ng pako dito. Akala siguro nila, hindi ako marunong umiwas.

**- SIMEON SORROSA**

## Doro Dora
**ni William Contreras**

